

Gawin at kainin! "Survival Rice-cooking"

Alamin ang pagsaing ng kanin gamit ang aluminum can at subukan itong gawin.
Gagamit ito ng apoy kaya gawin ito kasama ng pamilya.

[Bagay na ihahanda] aluminum can (350 mL)... 2 piraso tubig aluminum foil bigas (1 tasa)
 milk carton (1L)...3 piraso posporo o lighter


***Gawin ito kasama ng pamilya.**

■ Gupitin ang aluminum can at gumawa ng kaserola, gupitin ang milk carton at gumawa ng panggatong.

- ① Gamitin ang 1 aluminum can para pagsaingan ng kanin, ang 1 pa ay bilang kapalit ng stove.
- ② Tanggalin ang ibabaw na parte ng 2 aluminum can gamit ang can opener at iba pa. Para sa aluminum can na kapalit ng stove, lagyan ng tig-2 butas sa itaas at ibabang parte ang gilid. (nasa 3cm pahaba x at 1.5cm patayo)
- ③ Gupitin sa lapad na 1cm ang milk carton at gamitin bilang panggatong.
- ④ Lagyan ang aluminum can ng 1 tasa ng bigas at 80% na tubig.
- ⑤ Takpan ng aluminum foil na walang pagitan.

■ Simulan ang pagsaing.

- ① Silaban ng apoy ang milk carton at ilagay sa aluminum can.
- ② Dagdagan nang dagdagan ang panggatong hanggang maluto sa humigit-kumulang 25 minuto.
- ③ Pasingawin nang kaunti hanggang maluto.



Kumuha ng litrato ng nilutong kanin at idikit sa frame sa ibaba.